**HOLY CROSS SAVINGS AND CREDIT COOPERATIVE**

# CODE OF ETHICS FOR MEMBERS

## (PAMANTAYAN NG TAMANG PAG-UUGALI NG MGA KASAPI)

## LAYUNIN NG CODE OF ETHICS

Upang makamit ang mataas na antas at pamantayan ng tamang pagkilos at pag-uugali ng mga kasapi ng HCSCCO, ipinapataw namin sa aming mga sarili ang mga sumusunod na panuntunan:

## PAMANTAYAN NG TAMANG PAG-UUGALI PARA SA MGA KASAPI

- Pagganap sa mga gawain ng Kooperatiba upang mapanatili ang karangalan at kakayahang mapagsilbihan ang kapakanan ng nakararami
- Pagdalo at pakikilahok sa Taunang Pulong (General Assembly)
- Paglalagak ng *Share Capital Subscription* at pakikilahok sa *capital at savings mobilization campaigns*
- Pagbabayad ng obligasyong pinansiyal, kung mayroon man, sa tamang panahon
- Pakikilahok sa mga programang pang-edukasyon para sa kasapian
- Pagpapanatili ng pagiging patas at tumulong sa pagsugpo sa anumang uri ng pandaraya at pagpapahayag ng *Conflict of Interest*.
- Ang mga kasapi ay hindi dapat kumuha o gumamit ng anumang impormasyon mula sa ibang kasapi upang magamit sa pansariling kapakanan
- Pagkilos ayon sa mataas na antas ng moralidad at diwa ng pagkakaisa

- Magsikap na maitaas ang kakayahan ng kooperatiba at kasapian sa pamamagitan ng pakikilahok at pakikibahagi sa mga gawain at pagsasaliksik ng *Product Research Committee*
- Itaguyod ang layunin ng Kooperatiba, paglago ng negosyo, kapakanan ng kasapian at ang Kilusang Kooperatiba sa kabuuan
- Paggalang sa bawat kasapi at empleyado ng kooperatiba bilang magkakasama
- Pagsunod sa kautusan at polisiyang naaayon sa batas na ipinatutupad ng Board of Directors at ng Kapulungan(*General Assembly)*
- Patuloy na pagpapalalim at pagpapalago ng pananampalataya bilang kasapi ng isang Kristiyanong Kooperatiba

Kung may paglabag sa itinakdang Code of Ethics, ang Kooperatiba ay may karapatang magpataw ng kaukulang parusa/multa sa bawat kasapi at maaaring maging dahilan ng pag-alis sa kanya sa kasapian, ayon sa mga sumusunod na hakbang:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | – | Padadalhan ng sulat upang ipaalam ang nagawang pagkakamali |
| Ikalawang Paglabag | - | Kakausapin upang itama ang nagawang pagkakamali |

| | | |
|---|---|---|
| Ikatlong Paglabag | - | Isasangguni sa Komite ng Tagapamagitan (Conciliation & Mediation Committee) at papatawan ng kaukulang kaparusahan |

Ang pagpapataw ng kaparusahan ay naaayon sa bigat ng pagkakamali/pagkakasala.

***"Ang pagiging mahusay at mabuting kasapi ng Kooperatiba ay nakaugat sa patuloy na pagsisikap na maging mabuting tao... may pagmamahal sa Diyos at kapwa na nakikita sa ating pang-araw-araw na buhay."***

28 February 2018